## MGA EPEKTO NG RJ

- Pagtutuon sa biktima at paggaling niya mula sa pinsala ng krimen.
- Pagpapanumbalik sa maysala sa pamayanan upang maging responsable sa pinsalang naidulot niya sa kaniyang biktima.
- Pakikipagtulungan ng pamayanan na suportahan at tulungan ang biktima at maysala sa kanilang rehabilitasyon.
- Paghihilom ng sugat ng mga apektado ng krimen.
- Naiiwasan na makagawa pa ng ibang krimen ang mga sangkot.

## PINAPANATILI NG RJ ANG:


- Kaligtasan ng publiko (Public Safety)
- Pananagutan (Accountability)
- Kakayahan (Competency)




# Restorative Justice

Ang Restorative Justice Program ng Parole and Probation Administration (PPA) ay isang proseso kung saan ang biktima at ang maysala, sa tulong ng probation officer at pakikiisa ng komunidad, ay pinaghaharap upang tanggapin ang epekto ng nagawang krimen at pagbayaran ito ng maysala, na nagpapahintulot sa maysala na muling maging bahagi ng pamayanan.

Kung may tanong o gustong linawin, makipag-ugnayan sa probation office sa inyong lugar.




# MGA PROSESONG GINAGAMIT SA RJ



### Mediation o Pamamagitan

Tinatawag ding Victim-Offender-Mediation (VOM). Ito ay isang pamamaraan ng pagkakasundo ng biktima at maysala. Ang tinatawag na "moderator" (tagapamagitan o tulay) ang pumapagitna sa kanila upang mapag-usapan ang kasunduan o settlement. Ang prosesong ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa biktima na makaharap ang maysala sa isang ligtas na lugar at magkausap tungkol sa nangyaring krimen.



### Conferencing o Pagpupulong

Ito ay boluntaryo, pormal, at nakabalangkas *(structured)* na pag-uusap sa pagitan ng biktima, maysala, at pamilya at kaibigan ng magkabilang partido. Sa pulong, binibigyan ng pagkakataon ang maysala na mapanagutan ang pinsalang dulot ng krimen.



### Circle of Support

Ito ay prosesong inorganisa ng PPA field office, ng mga Volunteer Probation Assistant (VPA), at piling miyembro ng pamayanan. Ang biktima ay malayang pinagsasalita tungkol sa kaniyang naranasan. Pinag-uusapan din ang magiging hakbang para sa paggaling ng biktima at pagkakasundo ng lahat ng sangkot.




### Indigenous Practices

Upang mapanatili, maprotektahan, at igalang ang katutubong kaugalian ng mga taal nating kapatid sa lugar, kinukupkop at sinusunod ng Ahensiya ang kaparaanan nila upang mapagbayad ang maysala sa kaniyang krimen. Dito, sinisiguro na malaya ang mga katutubo na tanggihan o tanggapin ang pamamagitan, ang dokumentasyon, at paglathala ng Ahensiya ng mga ginawa o ginamit sa pagkakasundo.

## PAANO GINAGAMIT ANG RJ BILANG REHAB PROGRAM?



### Sa Pag-iimbestiga (Investigation Stage)

- Kinakausap ng probation officer ang biktima tungkol sa kaniyang naranasan, sa epekto ng krimen sa kaniya at sa kaniyang pamilya.
- Inaalam mula sa biktima kung payag siyang makipagkasundo, kung sakaling mabigyan ng probation o parole ang maysala.
- Inaalam din kung payag ang biktima na mabigyan ng probation o parole ang maysala.
- Ipinapaliwanag ng probation officer ang Restorative Justice processes.

*(Ang imbestigasyon ay maaaring courtesy investigation, post-sentence investigation, at pre-parole/executive clemency investigation).*



### Sa Pangangasiwa (Supervision Stage)

- Boluntaryo, at di dapat isailalim ang dalawang partido sa Restorative Justice process sa di-patas na pamamaraan.
- May karapatan ang dalawang partido na humingi ng legal advice bago at/o pagkatapos ng RJ process.
- Dapat nasabihan ang dalawang partido ng kanilang karapatan, ang proseso, at maaaring kahinatnan/kalabasan ng kanilang desisyon.
- Kung hindi magkakasundo ang dalawang partido, kailangang itigil ang RJ process.
- Kung nagkasundo naman, dapat ang napagkasunduan ay may written agreement.
- Anuman ang napag-usapan sa panahon na ito ay lihim o confidential.

*Source material: Restorative Justice (English Primer). Available at https://probation.gov.ph/wp-content/uploads/2017/04/Restorative-Justice.pdf*